



Ito ang batas! Dapat ipaskil ng mga employer ang abisong ito sa lugar kung saan ito mababasa ng mga empleyado.

(Kabanata 49.17 Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW))

May karapatan ang lahat ng manggagawa na magkaroon ng lugar ng trabaho na ligtas at malayo sa sakit.

**Mga Empleyado** — Dapat kang protektahan ng iyong employer mula sa mga panganib sa trabaho, dapat nilang ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga ito, at dapat silang magbigay ng pagsasanay.

**Mayroon kang karapatan na:**

- Abisuhan ang iyong employer o ang L&I o (Paggawa at Mga Industriya) tungkol sa mga panganib sa lugar ng trabaho. Puwede mong hilingin sa L&I na panatilihing kumpidensyal ang iyong pangalan.
- Hilingin sa L&I na inspeksyunin ang pinagtatrabahuhan mo kung sa palagay mo ay hindi ligtas o hindi malayo sa sakit ang mga kundisyon dito. Magagawa mo o ng iyong kinatawan ng empleyado na makibahagi sa isang inspeksyon, nang hindi nawawalan ng sahod o mga benepisyo.
- Kumuha ng mga kopya ng iyong mga medikal na talaan, pati ng mga talaan ng mga pagkakalantad sa mga nakakalason at mapaminsalang substance o kundisyon.
- Maghain ng reklamo sa L&I sa loob ng 90 araw kung sa palagay mo ay inalis ka sa trabaho, o pinaghigantihan o diniskrimina ka ng employer mo dahil naghain ka ng reklamo sa kaligtasan, o nakibahagi ka sa isang inspeksyon o iba pang aktibidad kaugnay ng kaligtasan.
- Mag-apela ng petsa ng pagwawasto ng paglabag kung sa palagay mo ay hindi makatuwiran ang panahong pinayagan sa citation.

**Inaatasan ka ng batas na sundin ang mga panuntunan sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho na nalalapat sa iyong mga pagkilos at gawi sa trabaho.**

**Mga Employer** — Mayroon kang legal na obligasyong protektahan ang mga empleyado sa trabaho.

**Dapat tiyakin ng mga employer na walang panganib sa mga lugar ng trabaho na puwedeng magdulot ng matinding pinsala o pagkamatay sa mga empleyado.**

**Mga pagkilos na dapat mong gawin:**

- Sundin ang lahat ng panuntunan sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho na nalalapat sa iyong negosyo, pati sa paggawa at pagpapatupad ng nakasulat na plano sa pag-iwas sa aksidente (na tinatawag ding APP o programa sa kaligtasan).
- Ipaskil ang abisong ito para maipabatid sa iyong mga empleyado ang kanilang mga karapatan at responsibilidad.
- Bago magtalaga ng trabaho, sanayin ang mga empleyado sa kung paano umiwas sa mga mapanganib na pagkakalantad at magbigay ng libreng kinakailangang personal na pamproteksyong kagamitan.
- Payagan ang isang kinatawan ng empleyado na makibahagi sa isang inspeksyon sa kaligtasan/kalusugan ng L&I, nang hindi nawawalan ng sahod o mga benepisyo. Puwedeng kumpidensyal na makipag-usap ang inspektor ng L&I sa ilang empleyado.
- Kung na-cite ka para sa mga paglabag sa kaligtasan at/o kalusugan, dapat ay malinaw mong i-display ang citation sa o malapit sa lugar ng paglabag sa loob ng hindi bababa sa pitong araw ng trabaho, hindi kasama ang mga weekend at holiday. Dapat ay manatili itong nakapaskil hangga't hindi naiwawasto ang lahat ng paglabag.

**Ilegal mag-alis o mandiskrimina ng sinumang empleyado para sa paghahain ng reklamo o pakikibahagi sa isang inspeksyon, imbestigasyon, o opening o closing conference.**

Makukuha nang libre ang poster na ito sa L&I sa [www.Lni.wa.gov/RequiredPosters](http://www.Lni.wa.gov/RequiredPosters).

**Libreng tulong mula sa Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (DOSH)**

- Pagsasanay at mga resource para magsulong ng mga ligtas na lugar ng trabaho.
- Mga on-site na konsultasyon para matulungan ang mga empleyadong tukuyin at tugunan ang mga panganib, at pamamahala ng panganib para mapababa ang iyong mga gastusin sa bayad-pinsala sa mga manggagawa.



**Dapat iulat ng mga employer ang lahat ng pagkamatay, in-patient na pagpapaospital, amputation, o pagkawala ng mata.**

Iulat ang anumang pagkamatay o in-patient na pagpapaospital na nauugnay sa trabaho sa Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Division of Occupational Safety and Health, DOSH) ng L&I sa loob ng 8 oras.

Iulat ang anumang hindi naospital na amputation na nauugnay sa trabaho o pagkawala ng mata sa DOSH sa loob ng 24 na oras.

Para sa anumang pagkamatay, in-patient na pagpapaospital, amputation, o pagkawala ng mata na nauugnay sa trabaho, dapat mong iulat ang sumusunod na impormasyon sa DOSH:

- Contact person at numero ng telepono ng employer.
- Pangalan ng negosyo.
- Address at lokasyon kung saan nangyari ang insidenteng nauugnay sa trabaho.
- Petsa at oras ng insidente.
- Bilang ng mga empleyado at kanilang mga pangalan.
- Maikling paglalarawan ng nangyari.

**Saan mag-uulat:**

- Anumang lokal na tanggapan ng L&I o sa
- 1-800-423-7233, pindutin ang 1 (available nang 24/7)



Division of Occupational Safety and Health  
[www.Lni.wa.gov/go/F416-081-307](http://www.Lni.wa.gov/go/F416-081-307) | 1-800-423-7233

*Kapag hiniling, may maibibigay na suporta at format sa ibang wika para sa mga taong may kapansanan. Tumawag sa 1-800-547-8367. Para sa mga gumagamit ng TDD, tumawag sa 711. Ang L&I ay isang employer na nagbibigay ng patas na oportunidad.*